

Mga Pagsasanay sa Paggalugad sa Siyudad: Lakbay-Sanaysay ng Isang Manunulat para sa Bata

Eugene Evasco

Ayokong paniwalaan ang payo na huwag mag-uulit ng bansang pupuntahan. Narinig ko ito sa isang kuwentuhan habang sinasariwa ang mga paglalakbay. Nakadalawang balik na ako sa Bangkok at tatlong ulit sa Hong Kong. Nitong Mayo 2011, nasama ang Singapore sa bansang muli kong binalikan.

Hindi ako pupunta ng Singapore bilang turista. Pumunta ako rito para sa isang kumperensiya sa mga aklat pambata. “Matutuwa ka’t makakasama mo ang mga kapwa manunulat,” sabi sa akin ng aking tagapaglathala na nagtaguyod sa aking paglalakbay. Isang buong araw lang ang libre upang makagala at matagal kong pinag-isipan kung saan pupunta—sa Botanic Garden ba, sa museo, o sa Little India upang makakain ng autentikong pagkaing may curry. Ang nalalabing tatlong araw kasi ay para makinig ng mga lektura, maghanda sa paglulunsad ng bersiyong app ng aking aklat, at makipagtalastasan sa kapwa manunulat. Hindi ako dapat magsayang ng oras. Nagtanong-tanong ako. May nagsabing puntahan ko raw ang Bugis para magshopping. May nagpayo sa Universal Studios, Sentosa, Night Safari. Sa mga kakilalang iskolar, hinikayat nila ako sa Singapore Art Museum at sa Asian Civilizations Museum. Ang hirap mamili, lalo’t gusto kong siksikin sa isang araw lahat.

Kalahati lamang ang laman ng aking maleta paalis ng bansa. Misyong punuin ito ng mga libro, paboritong pabango, at kung papalarin ay mga damit at sapatos na hindi ko mahahanap sa Pilipinas. Hindi na ako nagdala pa ng laptop. Wi-fi ang buong siyudad ng Singapore at mapapakinabangan

ko ang iPad. Salamat sa isang kaibigan na nagpahiram sa akin ng kaniyang user account sa wi-fi.

Sa pagsilip mula eroplano habang lumalapag sa Changi, ramdam kong patungo ako sa moderno at sistematikong siyudad. Masasabing matagumpay ang urban planning sa Singapore, malayo sa estado ng kanilang lipunan noong dekada 60s. Sa airport, tila ako'y nasa mall o lobby ng hotel. Isa lang ang problema: paglabas ng paliparan, daig ko pa ang pumasok sa sauna o steam bath sa alinsangan. Nagmamadali kaming sumakay ng van na sumundo sa amin patungong Elizabeth Hotel, na nakatindig sa isang burol malapit sa Orchard Road.

Marso ng 2009 nang una kong makilala ang Orchard. Narito ang Ngee Ann City na katatagpuan ng Kinokuniya, isang bookstore na magdudulot ng ADHD sa sinumang bibliophile. Matatagpuan din dito ang kanilang foodcourt na murang nagbebenta ng kanilang Hainanese Chicken Rice. Sa isip ko, dalawa lang talaga ang pakay ko sa unang araw: mga libro at pagkain. Food trip ito, tukso ko sa sarili. R.I.P., diyeta.

Halos wala pang tulog, nilakad namin ang pababa ng burol patungong Orchard. Natural na takot magtaxi ang mga kararating sa bagong lugar. Lagi akong nagko-convert sa isip. "Wala kang mabibili kapag ganyan!" tukso ng mga kapwa-scholar noong nasa France ako at nanghihinayang sa ilalabas na euro. Sa katitipid, inulan kami sa paglalakad. Ulang maligamgam. Maalinsangan, walang malamig na simoy ng hangin. Sa lagkit ko, latik na lang ang kulang at biko na ako.

Pagkaraan ng pagkain ng lamang-tiyang Indonesian food (na agad kong binawi sa pagbili ng iced tea tarik), dumiretso kami sa estasyon ng MRT. Nagtalo pa kami kung kukuha ng tourist pass o hindi. Sa matagal na pagdedesiyon, nagpasya na kaming kumuha upang malaya naming magalugad ang siyudad. Unang destinasyon ang Funan DigitalLife Mall, kilala sa mga elektronikong kasangkapan. Limang palapag na ang aming sinuyod at mailap pa sa tutubing kalabaw ang iPad 2. Sumabog daw kasi ang pagawaan nito sa Tsina.

Nagtungo kami sa The Arts House, isang dating lumang gusali ng Parliament House. Naisip ko, malaki ang pagpapahalaga ng Singapore sa kanilang kolonyal na arkitektura. Sa Pilipinas, ang gusaling Art Deco tulad ng Jai Alai ay tinibag noong pamahalaang lungsod ng Maynila. Ang Mehan Garden ay naging carpark, nakatiwangwang lamang ang historikal na

Metropolitan Theater. Ang Intramuros ay pinagsulputan na ng Starbucks at iba pang fastfood na kainan. Muli na namang namulaklak ang mga “sana” sa aking bibig.

Hindi pa nagsisimula ang kumperensiya pero nakahanda na ang exhibit ng mga ilustrasyon. Sinilip ko ang Earshot na pagdadausan ng paglulunsad ng aking aklat. Pagkaraan, nilibot ko ang pasilyo at nakilala ko ang mga guhit ni Yusof Gajah, isang dakilang ilustrador para sa bata mula sa Malaysia. Pumukaw sa aking pansin ang guhit niya ng makukulay na daan at ang bus na naglalaman ng siyam na elepante. Naakit ako sa tila bata niyang pagguhit. Kinalaunan, napag-alaman kong naive art pala ang tawag sa estilong iyon.

Umakyat ako ng ikalawang palapag at nasumpungan ang pagsisimula ng paglulunsad ng mga aklat pambata sa wikang Tamil, isa sa opisyal na wika sa Singapore. Interesado akong dumalo ngunit may hinahabol kaming itinerary—ang Asian Civilizations Museum at ang pagbabalik sa Orchard Road para sa Kinokuniya. Nadaanan ko ang MediaMart na magbebenta na ng mga aklat pambata ng Tulika Books sa India. Napakayaman ng kanilang produksiyon at may sariling tatak ang mga ilustrasyon na nakaugat sa kanilang tradisyon. Medyo malayo pa ang dapat isagawa sa mga aklat pambata sa Pilipinas na mahigpit ang kapit sa Kanluraning impluwensiya.

Napagod na ba kami sa kakatunghay ng mga sining? Pagdating namin sa katabing museo, halos maupo na lang kami sa may sulok. Nakapanghihina ang alinsangan kaya paraiso ang airconditioned na lugar. Ito’y isang tikim ng langit. Hindi na kami nagpasyang pumasok pa sa loob (dahil sa pagtitipid) at natuwa na lang sa libreng exhibit ng kasaysayan ng Singapore River at ng kontemporaryong sining Islamiko. Nakakuha ako ng ideya na magtipon ng mga tula papuri sa Ilog Pasig habang nakikinig sa audio presentation ng mga makatang dumarakila sa ilog Singapore.

Paglabas, napagmasdan namin ang maalamat na Singapore River. Malayong-malayo ito sa mga lumang larawan ng ilog. Ngayon, ligid na ito ng mga matatayog at modernong mga hotel. Makisig pa rin ang braso ng Cavenagh Bridge, ang kaisa-isang suspension bridge at isa sa pinakaluma nilang tulay. Pagtawid, kita namin ang eskultura ng mga batang masayang tatalon sa ilog. Nilikha ito noong 2000 at pinamagatang “The First Generation.” Pakiramdam ko, tumawid ako ng panahon at nagkabuhay ang mga tansong bata. Halos marinig ko ang kanilang halakhakan sa pagsisid at

paglutang sa ilog. Ginulat na lamang ako ng Fullerton Hotel sa harap at ang mala-duriang Esplanade sa di-kalayuan upang sabihing nasa kasalukuyang panahon ako.

Sakay ng bus, nagbalik kami sa Orchard. Dumiretso kami sa Ngee Ann City upang lusubin ang Kinokuniya. Lima hanggang anim na beses ang laki nito kaysa karaniwang bookstore sa Pilipinas at hindi sila nagbebenta ng mga gamit pang-eskuwela, na siyang bumubuhay sa National Bookstore. Dalawang oras ang ginugol ko sa paghahanap at pagbabasa. Pagkaraan, bumaba kami sa may Food Village ng Takashimaya. Dito ko muling natikman ang autentikong chicken rice, ang pambansang pagkain nila na maitutumbas sa adobo ng Pilipinas. Tila ito tinola na ang ipinansaing sa bigas ay sabaw ng manok. May hiniwang pipino sa tabi nito at may oyster, chili, at ginger sauce na pampalasa.

Mga cellphone na empty batt kami pagkaraang kumain. Masarap mamasyal sa Singapore ngunit mauubos ang lakas sa paglalakad at alinsangan. Gusto pa sana naming magwindow-shopping sa kahabaan ng Orchard pero naghihimutok na ang mga binti at talampakan.

Isang bentahe ng paghohotel sa Singapore ay ang kanilang breakfast buffet. Sa Hong Kong, kailangan pang pumunta sa kabilang fastfood restaurant para mag-almusal ng tinapay at itlog. Piyesta ang agahang Singapore. Pansin kong may mga agahang tutugma sa panlasa ng kanilang suking parokyano—may pang-Indian, may pang-Muslim, at may pang-Indonesian/Malaysian. May chicken sausage na halal, may roti prata at sarsang curry, at bibihira ang karneng baboy.

Naging makabuluhan ang dalawang araw na kumperensiya ng Asian Festival of Children's Content. Umuunlad ang panitikang pambata ng Singapore dahil sa tangkilik ng kanilang gobyerno. Hindi nakabatay sa komersiyo ang paglalathala ng karamihan sa kanilang mga aklat. Pinondohan ang kumperensiya ng kanilang National Book Development Council at nakuha nilang mag-imbita ng mga ekspertong reviewer, editor, at manlilikha ng aklat mula sa Amerika at Australia gaya nina Liz Rosenberg, Neal Porter, Christopher Cheng, at Dianne Wolfer. Napakabuhay ng sining sa bansang inakala kong nakatuon lamang sa pinansiya, turismo, at teknolohiya.

Kinagabihan, nagpasya kaming makipagkita sa dati kong estudyante. Dito na siya naghahanap-buhay dahil mas malaki ang sahod. Karamihan

sa kanila'y nagsimula bilang turista at pagkaraan ng isang linggo'y may trabaho na. Singapore na raw ang bagong Amerika para sa mga propesyonal na Pilipino. Malapit nang pumantay ang Singaporean dollar sa US dollar. Isa pa'y mas malapit sa bansa ang Singapore kaya mas convenient itong dayuhin upang magtrabaho.

Nagpasya kaming kumain sa Makansutra, ang tinatawag na Gluttons Bay, sa likod ng Esplanade. Kung sa Pilipinas, tila ito Dampa sa Libis o ang Paluto sa may Ortigas. Umorder kami ng dalawang bandehadong Yang Chow, dalawang platong pansit na maanghang, lumpia, tahong na may sarsa, dalawang uri ng omelette (oyster at onion), at dalawang order ng Bonchon-style fried chicken. Naparami ang order namin dahil mga gutom kami (o takaw-mata?). Isa pa, naglakad kami mula The Arts House patungo sa Makansutra. Malayo-layong lakad din iyan, mapapatawad na ang katakawan. Tiniis ko ang anghang dahil hindi libre ang tubig at mahal ang iced tea na delata. Ipinagpapasalamat ko ang libreng ice-cold na tubig sa Pilipinas.

Pagkaraan ng nakabubundat na hapunan at kumustahan, naglakad kami sa paligid ng Marina Bay. Paraiso para sa sinumang potograpo ang anino ng mga maiilaw na gusali sa itim na balat ng dagat. Tila ba gusto kong bumalik sa Funan upang bumili ng digital SLR. Mula sa malayo, tila lumapag ang spaceship sa tatlong magkakatabing hotel ng Marina Bay Sands. Wari namang sumabog na dambuhalang golf ball ang Singapore Art Science Museum. Ito ang gabi ng mga photo op upang mabusog ang mga camera at Facebook.

Tulad ng nakaraang gabi, umuwi kami ng hotel na bundat pero empty batt. Pagkaraang maligo (kailangang maligo dahil para na akong fly trap sa lagkit ng balat), tuloy-tuloy na ang aking malalim na pagtulog. Mabuti na lang at hindi gaanong mamahalin ang hotel na aming pinili. Nagiging tulugan lang kasi ito at paliguan ng abalang bisita.

Huling araw na ng kumperensiya. Walang tigil ang palitan ng mga calling card at pagmamalaki sa produksiyon ng mga aklat. Nakinig ako sa estado ng paglalathala sa Malaysia, Vietnam, at India. Natuwa ako't magkakaugnay ang tradisyong pampanitikan ng mga bansa sa Asya—nakaugat sa panitikang-bayan (folklore) ang ating mga panitikang pambata. May pagsusumikap ding itanghal ang kaluluwang silangan (eastern soul) sa pamamagitan ng mga kuwento at tulang pambata. At laging ikinalulungkot

ang banta ng mga Kanluraning aklat sa mga pambansang panitikan.

Matagumpay namang naitanghal ang aking aklat sa paglulunsad. Namangha ang mga panauhin dahil kauna-unahan ang Pilipinas sa Timog Silangang Asya sa produksiyon ng apps ng aklat pambata para sa Android at iPad. Sa buong kumperensiya, usap-usapan kung papatayin ba ng mga tablet at e-book reader ang mga aklat. Sa huli, napagtanto na hindi mamamatay ang mga aklat kung mananaig ang nilalaman at kasiningan ng pagkakasulat.

Biyernes, huling gabi ko na sa siyudad na ito. Nagpasya akong humiwalay sa mga kasamahang artist, editor, at tagapaglathala. Ito ang gabing akin. Mula Orchard Station, nagtungo ako sa Chinatown. Nakita kong muli ang shophouse dito na kakulay ng mga pambatang birthday cake. Tradisyunal itong mga bahay na magkakadikit ng mga negosyanteng Tsino. Tindahan, kapihan, o kainan ang unang palapag. Ang taas na bahagi'y tahanan nila.

Mula paglilibot ng Chinatown na para bang Divisoria, bumalik muli ako sa estasyon ng MRT. Ako lang ba ang natutuwa sa pagsakay ng tren sa ibang bansa? Pakiramdam ko kasi'y hindi na ako turista dahil kasama ko ang mga karaniwang tao sa karaniwang lugar. Pinaunlakan ko ang paanyaya ng kaibigang naninirahan sa Eunos. Ito ang distritong pantahanan ng lungsod. Pagbaba, tanaw ko ang mga nagtataasang condominium sa paligid. Para itong pinagpatung-patong na kahon ng posporo mula sa kalayuan.

Malapit sa estasyon, nag-iced tea tarik ako sa kanilang hawker center, na para bang karinderya sa kanto sa 'tin. Inunti-unti ko ang paghigop nito upang mapahaba rin ang kuwentuhan ng bagong kakilala. Siya'y editor ng mga akdang isinulat ng mga batang Singaporean. Sa kanya ko nalaman na hindi lahat ng Singaporean ay may maalwang buhay. Mataas nga ang suweldo pero mamahalin ang mga bilihin. May mga naghahirap ding pamilya. Ang mga retiradong mamamayan ay kailangan pa muling magtrabaho upang suportahan ang sarili. Hindi sila mabubuhay sa retirement fund lamang. Nabakas ko sa kaniyang mga kuwento ang pangungulila sa iniwang pamilya at sa binitiwang propesyon bilang guro. Mabuti na lang, may internet at webcam na. Gabi-gabi na niyang nakukumusta ang kanyang anak at maybahay.

Pagkaraan ng dalawang oras, maghahating-gabi, tinext ako ng aking mga kasamahan. Nasa Clark Quay raw sila at nagpapakasaya sa huling

gabi namin. Pikit-mata akong sumunod at nagtaxi (sarado na ang MRT). Pagdating sa Señor Santos, umorder ako ng serbesa, iced tea, at Bailey's shake. Nagtataka ako hanggang ngayon kung bakit di nagrebolusyon ang sikmura ko dahil sa iba't ibang inumin. Para akong nasa Malate batay sa pagmamasid sa mga tao sa paligid. Ito ang tambayan ng mga kabataang turista at lokal. Ito ang kanilang gimikan. Masarap balikan ang nalimot na kabataan sa pagbisita rito. Naglakad kami upang maghanap ng taxi. Medyo nahihilo ako, parang lumulutang. Di ko alam kung alkohol, antok, o lungkot sa pamamaalam sa lungsod. Nakabibitin. Di bale, may susunod pa namang pagkakataon upang muling dalawin ito. Marahil sa susunod, purong paglilibot lamang gaya ng ordinaryong turista na nakasuwerte sa murang pamasaha.

Kinaumagahan, pagkaraan ng buffet, dumiretso na kami sa airport. Napaaga kami at takot yatang maiwan ng eroplano. Para akong nasa Orchard sa paliparan ng Changi. Tila mall ito na tabi-tabi ang tindahan ng pabango, damit, pasalubong, at mga kagamitang elektroniko. Convenient nga para sa huling bugso ng pagwawaldas ng mga manlalakbay. May mga restaurant din. Busog ako sa buffet kaya di na kumain pa.

Naalala kong marami pa pala akong dolyar. Nagtungo ako sa tindahan ng pabango at binili ang pabangong gamit ko, limang taon na ang nakalipas. Dumalayong ang mga alaala sa muli kong paglanghap ng pamilyar na matamis-asim na pabango. May kumiliti sa aking imahinasyon.

Tinawag ako ni Kiko, ang kasamang artist. Tuwang-tuwa siyang ipinakita sa akin ang kanyang tuklas: libreng powerfoot massage. Unlimited. Sa Pilipinas, 20 pesos ito sa loob ng limang minuto. Habang hinihintay ang boarding, sinulit namin ang paglamutak ng aparato sa aming binti at talampakan. Kailangan nito ng masinsin at marubdob na masahe sa mahababang nilakad, kailangan nito ang muling pagkokondisyon sa susunod pang tutuklasing siyudad.

Isa sa pangarap ko ang mabisita ang bansang pinag-ugatan ng modernong panitikang pambata sa daigdig—ang United Kingdom. May mayamang tradisyon ang kahariang ito ng mga fairy tales, nursery rhymes, fantasy, kuwentong domestiko at pampamilya, at iba pang genre fiction.

Ang bansa ring ito ang may pinakamaunlad na ani ng akademiko at seryosong pag-aaral sa panitikang pambata. Ngayong Kapaskuhan, mapalad akong makapagbakasyon sa lungsod ng London upang bisitahin ang mga bookstore, sundan ang yapak ng mga dakilang manunulat, magpaligaw sa mga museo't aklatan, at manood ng mga dula.

Isa sa aking pinanood ay ang adaptasyon ng nobelang pambatang *Matilda* ni Roald Dahl. Ang musical ay isinulat para sa tanghalan ni Dennis Kelly at may mga titik at musika naman ni Tim Minchin. Nabasa ko na ang aklat na ito at napanood nang ilang ulit ang bersiyong pelikula, kaya interesado ako kung ano ang bagong maipapamalas ng dulang ito. Nagsimula ang pagtatanghal nito noong 2010 sa Stratford-upon-Avon at patuloy ang palabas sa Cambridge Theatre ng West End.

Ayon sa BBC, isa si Roald Dahl sa pinakamahusay na manunulat pambata sa ika-20 siglo sa UK. Nakapagbenta ng 200 milyong kopya ang kaniyang mga aklat at naisalin sa 59 na wika. Wala pang salin sa Filipino ang kaniyang mga nobela at lubos akong matutuwa kung mabibigyan ako ng pagkakataon na maisalin ang isa sa mga aklat pambata niya gaya ng *Charlie and the Chocolate Factory*, *Witches*, *BFG*, at *James and the Giant Peach*. Bukod sa pagiging matagumpay ng kaniyang panulat, naging dahilan ang mga aklat ni Dahl sa paghubog ng mga bata bilang mambabasa gaya ng naisagawa ng naunang popular ding manunulat na si Enid Blyton.

Sa pagpasok sa tanghalan, bumungad sa akin ang entabladong ligid ng mga bloke ng titik. Sa gitna, mapapansin ang mga higanteng eskaparate na puno ng mga aklat. Ang disenyong ito ang nagpapahiwatig sa mga pinakadiwa ng aklat—(1) ang kapangyarihan ng aklat upang mapagbigyan ng kamulatan ng batang api sa tahanan ang paaralan, (2) ang aklatan bilang santuwaryo ng nagdurusing kaluluwa, at (3) ang bisa ng pagsasalaysay upang mapaghilom ang sugatang damdamin. Walang duda, ang aklat at ang mga dulang ito ay may basbas ng mga guro at magulang upang ipatangkilik sa mga bata, kahit na subersibo, di kombensiyonal, at pasaway ang mga batang tauhan, lalo na si Matilda Wormwood.

Tapat sa orihinal na aklat ang nasabing dula. Narito pa rin ang mga eksenang slapstick na marka ng humor ni Dahl tulad ng paglalagay ni Matilda ng hydrogen peroxide sa pampakintab ng buhok ng kaniyang ama. Napuno ng halakhak ng mga bata ang teatro sa eksenang ito hindi dahil sa

pagpapalaganap ng karahasan kundi sa pakiramdam na may kapangyarihan ang isang munti o musmos na gumanti sa pagpapabaya't panghahamak ng sariling magulang. Hinubog ng mga eksenang ito ang bida bilang batang sumusuway sa awtoridad at di laging sumusunod sa mga walang-basehang utos. Maaalala rin ang paglalagay ni Matilda ng glue sa sombrero ng ama na nagkadagdag sa higit pang pagkakasira sa buhok ng magulang. Pinakamainam na gamit ng marahas na humor ang paglalagay ni Lavender, ang matalik na kaibigan ng bida, ng newt sa inumin ni Miss Trunchbull, ang principal ng paaralan.

Para sa mga Pilipino, kabigla-bigla ang mararahas na eksena laban sa mga matatanda ngunit isa ito sa mga katangian at salik sa tagumpay ng panulat ni Dahl. Nangahas si Dahl na ipakita ang kasamaan ng tao na maiuugat sa tradisyon ng mga fairy tales at kuwentong-bayan sa Europa. Napamahal ang mga batang mambabasa sa kaniya dahil sa walang takot na paglaban at paghihiganti sa masasamang matanda. Hindi naman nagkulang si Dahl sa paghahandog ng mapagkalingang matanda gaya ng librarian na si Mrs. Phelps at siyempre, ang tunay na representasyon ng guro bilang kahalili ng magulang, si Miss Honey.

Maituturing nang walang kamatayan at hindi maluluma ang akdang ito ni Dahl. Bukod pa sa mga nabanggit, matutukoy ang paggawad ng kapangyarihan sa bata bilang susi sa tagumpay ng panitikang pambata. May kapangyarihang telekinesis si Matilda bukod pa sa kaniyang namumukod na katalinuhan sa matematika at pagbabasa. May ibang uri ng lugod nang isinadula ang kakayahan ni Matilda sa pagbabasa ng mga klasikong literatura at pagkuwenta ng mga numero. Isa siyang henyo na malayong-malayo sa katangian ng kaniyang pamilya na baduy, mababaw, walang kultura, at laging nakatutok sa mga basurang palabas sa telebisyon. Lantad sa aklat at dula ang paniniwala ni Dahl na mapanganib sa kamalayan ng bata ang hungkag na aliw na hatid ng telebisyon. Lumitaw din ang ganitong sentimiyo sa aklat niyang *Charlie and the Chocolate Factory*.

Kitang-kita ang kasamaan sa mga antagonist ni Dahl. Nakatulong ang kasuotan at ang pagganap upang paunlarin ang karakterisasyon ng masasamang matanda. Gayong litaw ang kasamaan, sa huli'y mananaig ang kabutihan. Pormula na ito sa mga pinakadakilang akdang pambata sa Ingles gaya ng *The Hobbit*, *Lord of the Rings*, *Chronicles of Narnia*, *Dark Materials Trilogy*, at ang serye ng *Harry Potter*.

Lumabas ako sa tanghalang nakangiti, gaya ng mga kasamang batang manonood. Mapalad ako ngayong Kapaskuhan na masaksihan ang pagtatanghal na ito—isang pagsasadula sa kapangyarihan ng mga aklat, ng bata, at ng kabutihan.

* * *

Pangalawa ang London sa mga lungsod na nabisita ko na naghahandog ng libreng pagpasok sa mga museo. Una’y ang Nice sa France nang ipinadala ako doon bilang visiting professor sa University of Nice Sophia Antipolis. Dito ko unang nakilala ang mga obra maestra nina Mark Chagall at Henri Matisse, mga pintor na narahuyo sa katangitanging liwanag at asul ng Timog Europa o ang tinatawag nilang Cote d’Azur. Pagkaraan ng ilang taon, pinalad akong mabisita ang bansa ng mga dakilang manunulat sa Ingles. Sabi ng ilang kaibigan, dapat kong mabisita ang British Museum, Victoria & Albert Museum, National Gallery, at ang Tate Modern dahil alam nilang mahilig akong magmuseo. Inilista ko ang mga ito para mailahok sa aking itinerary. Ngunit ang hindi nila nasabi, nasa London ang pinakatanyag na museo na ang tuon ay mga artifact ng pagkabata (childhood) tulad ng gamit, laruan, damit, at mga sining-biswal. Sa buong UK, ito ang may pinakamayamang koleksiyon na may kaugnayan sa pagkabata.

Naitatag ito bilang Bethnal Green Museum noong 1872 ngunit noong dekada 1920 lamang ito nagsimulang magserbisyo para sa mga batang bisita. Ibig sabihin, ang mga koleksiyon ng museo ay maaaring makita ng bata nang hindi kinakarga o kailangan pang tumingala (eye level). Taong 1974 naman nang nagsimula itong maging museo ng mga bagay na may kinalaman sa pagkabata ng Europa at ng daigdig.

Malapit na akong umuwi sa Pilipinas nang binisita ko ang museong ito. Kakaiba sa museong nagtatampok ng kasaysayan at sining-biswal ng daigdig, kakaunti ang turistang napapadpad sa Museum of Childhood dahil sa may kalayuan ito sa sentro ng lungsod. Walang siksikan sa entrada ng museo. Walang masyadong tindahan ng mga souvenir at restawran sa labas. Sa isip ko, mainam itong lugar upang magpahinga naman ako at magmuni sa pahapyaw na pagsipat sa kultura ng mga British.

Pagpasok sa museo, nabighani ako sa kakaibang disenyo ng gusali. Tila ba luma itong estasyon ng tren na ginawang museo. Maaliwalas ang

mga pasilyo. Nadatnan ko sa loob ang mga batang mag-aaral na pauwi na mula sa kanilang field trip. Bumungad sa akin ang dalawang palapag ng mga koleksiyon. Hindi tulad ng British Museum, hindi ako nalunod sa dami ng koleksiyon. Sa loob-loob ko, kaya kong namnamin ang mga bagay sa loob ng tatlong oras nang hindi nagmamadali o may pakiramdam na baka may makaligtaan akong highlight ng museo na kailangan ko pang balikan.

Nang kumirot ang aking binti sa kalalakad, pansamantala akong naupo sa isang sulok upang magbasa ang mga aklat pambata na pag-aari ng museo.

Tila ako nagbalik sa pagkabata habang ginagalugad ang loob. Nakita ko ang kanilang espesyal na exhibit ng mga saranggolang papel mula sa Kabul, Afghanistan na nilikha ng mga bata mula sa Murad Khani, ang lumang bahagi ng lungsod. Tradisyon sa nasabing bansa ang pagpapalipad ng makukulay na saranggola bilang salubong sa tagsibol. Naalala ko ang aking pagkabata na nauuso ang saranggola at boka-boka kapag nalalapit na ang tag-araw. Naalala ko ang minsang napabili ako ng saranggola yari sa plastik na sinamahan ako ng aking ama na magpalipad nito.

Sa paglilibot, nakita ko ang mga laruang hindi ko naging laruan. Ito ang mga laruang pinangarap kong maangkin ngunit hindi naibigay sa akin ng aking magulang o ng aking ninong (wala akong ninang). Masuwerte ang mga pamangkin at inaanak ko at mga anak ng aking kaibigan na halos isang bundok ang mga laruan sa pagdating ng kanilang kaarawan o Pasko. Dito ko nakita ang mga laruang tren, ang iba't ibang uri ng manyika at teddy bear, kabayong kahoy, mga papet mula sa Indonesia, laruang makinang pantahi, at ang pambatang upuan (*animeubles*) na hitsurang pusa na likha ng Pranses na si Gerard Rigot. Kilala si Rigot sa paglikha ng mga muwebles na may mga anyong hayop noong dekada otsenta sa France. Nais niyang sa kaniyang mga likha, “makakapangarap ang sinuman, makakapaghiraya, at madala sa saanmang dako.”

May espesyal ding exhibit ang museo sa isang bahagi ng ikalawang palapag. Pinamagatan itong *On Their Own*, ang kauna-unahang pangunahing exhibition sa Britain na nagsasalaysay sa kuwento ng mga batang migrante at kung paano ito nakaapekto sa kanilang buhay. Malungkot na bahagi ito ng kanilang kasaysayan. Gayong maunlad na bansa ang United Kingdom, may mga pamilyang mahihirap sa bansang ito at mga batang napapabayaang, naulila, o naaabandona. Mula 1869 hanggang 1970, mahigit 100,000 batang

British ang ipinadala sa Canada, Australia, at iba pang Commonwealth na bansa. Ipinaampon sila sa mga may-kayang pamilya upang doon mapangalagaan at mabigyan ng bagong pag-asa sa buhay. Hindi lahat ng mga batang ito ay nakaranas ng mabuting buhay sa kanilang pagtanda. Ilan sa pumukaw ng aking atensiyon ang itim na manyikang pagmamay-ari ni Helen Tachell. Ito ang kaniyang tanging dalang bagay nang ipinadala siya sa Kanlurang Australia noong 1839. Gayundin ang larawan ng batang si Stewart Lee kasama ang kaniyang ina. Ibinigay ito sa kaniya ng ina nang ipinadala siya sa New South Wales noong 1955 at apat na taong gulang pa lamang siya. Napakabigat ng kuwentong taglay ng mga artifact na ito.

Sa permanent exhibit naman, limang artifact ang pinakatumatak sa aking alaala at nais kong ibahagi. Una ay ang paddle doll o manyikang palupalo. Mula ito sa mga Ehipto at nagawa noong 1300 BK na yari sa kahoy. Ito ang pinakamatandang bagay sa koleksiyon ng museo. Ang mga manyika sa Egypt ay hindi talaga laruan o gamit pambata kundi sumisimbolo ng fertilidad at inililibing kasama ng bangkay upang “masiguro ang muling pagkabuhay sa kabilang-buhay.”

Ikalawa ay ang mutton bone doll (1890-1920). Ang mutton ay isang katawagan sa tupa. Binili ni Edward Lovett ang laruang ito mula sa isang bata mula sa Bethnal Green, ang dating hikahos na bahagi ng London. Kayhirap hanapin ng laruang ito sa museo. Inabot ako ng kalahating oras sa paghahanap nito at maging ang mga staff ng museo ay hindi batid kung saan ito eksaktong matatagpuan. Nasa ilalim kasi ito ng salaming estante at napakaliit kasi yari lang sa maliit na buto ng hayop. Ginuhitan ng mata, kilay, at bibig ang buto. Nilagyan ng itim na tela bilang buhok at binalutan ng retaso bilang damit. Ipinapakita nito na hindi hadlang ang kahirapan upang makalikha ang bata ng kanilang mga laruan. At ang mga bata sa London ay gumagawa ng mga laruan mula sa bagay na nakakalat sa kanilang paligid.

Kaugnay nito ang mga laruan mula sa South Africa, Sudan at Madagascar (1980-2000) na trak, kotse, at helicopter na yari sa lumang lata at alambre.

Naalala ko ang aming pagkabata noon. Hindi kami mayaman at hindi nag-uumapaw ng mga laruan ang aming tahanan. Kaming magpipinsan ay masaya na sa lumang latang kahon ng biskwit. Hindi pa uso noon ang family computer at video games. Dito namin itinatago ang

aming mga “kayamanan”—mga kakaibang butones at binhi, mga sigay, mga makukulay na balat ng tsokolate at kendi, pamburang amoy tsokolate, mga lumang larawan buhat sa magazine, at mga tiket ng bus. Gaya ng mga bata sa Bethnal Green, gumawa rin ako ng manyika yari sa patpat at ang buhok ay mga dahon ng ipil-ipil. Muntik na akong habulin ng kapitbahay nang makita niyang pinipitas ko ang tanim nilang ipil-ipil na nagsisilbing kanilang bakuran. Naalala ko rin ang mga laruang telepono namin na yari sa lumang lata ng gatas. Maging ang ginawang laruang telebisyon sa akin ng aking ama na yari sa kahong kahoy na may nakarolyong pinagdikit-dikit na papel at ginuhitan upang makapagkuwento.

Ikatlo ay ang laruang Noah’s Ark (1825) mula sa Germany na yari na kahoy. Talagang napatitig ako sa mga laruang daong ni Noe na ligid ng maliliit na hayop na nais mailigtas sa paparating na baha. Napag-alaman ko na ang laruang ito ang tanging katanggap-tanggap na laruan ng mga bata sa Europa kapag Linggo. Kasangkapan ito sa pagtuturo ng kuwento buhat sa Lumang Tipan at sa pagtuturo ng iba’t ibang hayop na hindi kilala ng mga batang Europeo gaya ng mga leon at elepante.

Ikaapat, katabi ng ikonikong laruang Rubik’s Cube na nilikha ng Hungariang si Erno Rubik noong 1977, halos napalundag ako nang makita ang laruang sungka na may mga sigay mula sa Pilipinas. Sabi sa paliwanag ng museo, “the wooden playing board is from the Philippines.” Kulang sa paliwanag na ang sungka ay laganap na laruan sa Timog Silangang Asya at ang sungkang nakadispley ay maaari pang palitan ng mas mainam na uri ng sungka na makikita mula sa Mindanao.

Huling laruang umagaw-pansin sa akin ay ang koleksiyon ng manyikang Barbie ng Mattel noong 1962. Una itong nailunsad noong 1959 sa New York Toy Fair. Hudyat ng panahon ang pagkakalikha sa mga Barbie dahil sa pagusbong ng konsepto ng teenager sa Amerika. Ito rin ang pinakakontrobersiyal na manyika sa daigdig dahil sa pagpapalaganap ng di-realistikong anyo ng kababaihan para sa mga batang babae. Magandang balita naman ayon sa artikulong “Barbie’s Got a New Body” (*Time Magazine*, Feb. 28, 2016) na sa huling bahagi ng 2016, pagkaraan ng 57 taon, maglalabas na ang Mattel ng mga bagong anyo ng kanilang manyika—may iba’t ibang hugis ng katawan, iba’t ibang kulay ng balat at buhok, at maliit (*petite*). Ito ay upang maipakita ang iba’t ibang anyo ng kababaihan sa ika-21 siglo hindi lang sa US kundi sa mundo.

Umalis ako ng museong nagagalak ang bata sa aking sarili. Sumakay ako ng tren papauwi sa aming hotel sa may Russell Square na nangangarap at nag-iisip, “Kung magkakaroon sa Pilipinas ng sariling museo ng pagkabata, ano-ano kaya ang lalamanin nito?”

* * *

“Kabayan!” sigaw niyang parang nanalo sa bingo. Nagkita kami sa isang Chinese fastfood sa pinakaplaza ng Nice. Ipinagpatuloy namin ang huntahan, tila nagkitang magkaibigan, sa Massena habang nagsasanib ang Dagat Mediterranean at ang anghit ng mga Pranses sa pagtatapos ng kanilang tag-araw. Itinuro niya sa akin kung saan ang talipapa, murang grocery, at rotisserie na parang Andok’s.

“Saan ba ang raket mo?” tanong niya.

“Nag-aaral ako rito. Scholar ng Erasmus Mundus.”

“Nag-aaral ka dito? Di ka nga marunong mag-French.” Ipinagmalaki niyang fluent na siya sa loob ng isang dekadang paglilinis ng mga yate sa Cannes. Alam kong baliko ang Pranses niya at malakas ang puntong Ilokano.

“Magsimba ka sa Sainte-Reparate. Maraming Pinoy doon. Hahanapan ka nila ng raket.”

Isang Linggo, sa tulong ng mapa, nahanap ko rin ang lumang simbahan. Hindi naman raket ang hanap ko. Gusto ko lang magtanong kung saan makabibili ng toyo, suka, laurel, at bigas sa Cote d’Azur. Gusto kong mag-adobo at magsaing. Sawa na ako sa matigas nilang tinapay.

“Psst!” bati sa akin ng nasa likod na manang na day-off na day-off ang suot pero naka-Prada. Matalim ang titig niya sa aking pekeng LV na nabili ko sa bangketa sa Ventimiglia.

Lumapit ako kay manang habang nagsisimula ang misa.

“Ikaw ang kilala ni Marlon, ‘no?’”

Nag-atubili akong ngumiti.

“Marami akong raket sa iyo.”

“Tutor po ba?” pagtataka ko. “Puwede din ako sa clerical jobs.”

“Raket nga e. Maglilinis. Ang daming mansiyong lilinisin sa Monaco. Para naman may maipadala ka sa inyo.”

Napatitig ako sa retablo.

“Ano, kelan ka magsisimula? Akin na ang number mo,” pangungulit niya.

Binati ng pari ang mga dumalo sa misa. Napalinga ako sa mga antigong santo at nagtaka kung naintindihan pa nila ang panalangin kong Tagalog.

* * *

“Bumalik ka dito bukas,” nakangiti niyang sabi, “ipaglaluto kita ng request mo.” Hindi ko batid kung ang ngiting iyon ay dahil sa iniwan kong tip o ang pagkakataong mailuluto ang kaniyang specialty na wala sa menu.

“Susubukan ko po,” sagot kong nagmamadali patungong Barceloneta. “Hapon pa naman ang flight ko bukas pauwi.”

Nakakailang linggo na ako sa España. Natunton ko ang mga lugar na napuntahan ni Rizal. Gamit kong giya ang mga liham niya sa mga kaibigan na nagdedetalye ng paglalakbay sa lupain ng mananakop. Naglakad-lakad ako sa parke na kaniyang tinulaan na “Mi Retiro.” Hinanap ko ang Palacio de Cristal na nagsilbing hawla ng mga katutubong pinagpistahan ng mga Kastila.

Kanin at ulam na ang hinahanap-hanap ko nang dumating ako sa bayan ni Gaudi. Mas mahalaga ang sikmura kaysa arkitektura. Sa pagtatanong-tanong, natuklasan ko ang munting restawrang Pinoy, ilang hakbang mula sa makasaysayang café na tambayan ng mga patnugot ng *La Solidaridad*.

Hila-hila ang aking namumutok na bagahe, nagbalik ako kay Aling Celia. Sa bungad pa lamang, amoy ko na ang bagong-lutong nilaga. Batid kong may mais ito at saba. Hindi tinipid sa paminta at repolyo. Bagong luto din ang sinaing. May patis sa mesa at mga hiwa ng lemon. “Mahirap makahanap ng kalamansi dito.” Tila humihingi siya ng paumanhin.

Hindi na ako nahiya pa. Nakatatlong extra rice ako. Nakatitig sa akin si Aling Celia at nagbirong unli-rice daw ang order ko. Binibilang yata niya kung ilan ang nguya sa bawat pagsubo ko.

Ayokong mag-eat and run kaya napaorder ako ng espresso bago magtungo sa airport. Para matunawan naman, kahit papaano. Pagkaraan ng

kalahating oras, ako’y nagpaalam na. Iiwan ko na sana ang natitirang euro bilang tip. Kababayan naman si Aling Celia. Pero tumanggi siya.

“Huwag na, minsan ka lang naman napadalaw,” nakangiti niyang sabi ngunit may mga guhit ng lungkot ang mukha. “Ipinagluto talaga kita. Paborito rin iyan ng panganay ko. Alam mo, pareho kayong maganang kumain.”

At agad niyang pinahid ang masaganang luhan agad lumapat sa kaniyang labi.

* * *

Pintura na ang dugong dumadaloy sa aking mga ugat. Ilang minuto na lang, tutulo na ang oleo mula sa aking ilong at tainga. Maghapon kong tinitigan ang mga obrang Renaissance sa Uffizi. Ang mga pintura ni Botticelli na sa textbook ko lang nakikita, kaharap ko na. Magsusuka na talaga ako kapag nakakita pa ako ng mga dibuho ng Annunciation at Resurrection.

Paglabas ng museo, sumilip sa akin ang tore ng Palazzo Vecchio. Kaunting hakbang pa, lalantad ang engrandeng Duomo na saksi sa pagusbong ng Firenze bilang Republika at ngayo’y destinasyon ng mga turista. Bukas ko na ito babalikan. Sarado na ang simbahan.

Nagpasya akong magkape sa kalapit na Astor Café. Hinding-hindi ako hihiling ng cappuccino dahil sabi ng mga Italiano, pang-agahang inumin ito. Habang pinalalamig ang aking latte, natanaw ko ang isang kababayang pauwi. Alam kong Pinoy siya sa ilog ng mga Puti at Koreano. Lumitaw siya sa isang masikip na eskinita ng kasaysayang hindi namin kilala. Ordinaryo ang suot, hindi panturista. Nasa pusod siya ng Firenze ngunit walang ningning, walang pagkamangha sa kaniyang mga mata. Matamlay ang katawan niyang hinaharana ng titik ng mga digital camera.

Sinikap kong hulihin ang mga mata niya. Mailap. May inililihim. May work permit kaya siya? TNT ba siya sa Italia? Takot ba siyang baka magsumbong ako? Ilan taon na kaya siyang di nakauwi? Ilan ang kaniyang pinag-aaral?

Walang panahon ang kababayang iyon upang masdan at titigan ang mga obra maestra. Siya kasi ang obra maestra.